

Serbisyo sa Pagpapayo ng Pangangalagang May-pagmamahal (Palliative Care Advice Service) 1800 360 000 7n.u. – 10n.g. pitong araw ng linggo

www.pcas.org.au

advice@mh.org.au

Ang Serbisyo sa Pagpapayo ng Pangangalagang May-pagmamahal (Palliative Care Advice Service) ay lugar na kung saan may makakausap kayong eksperto sa pangangalagang may-pagmamahal na nars o doktor tungkol sa anumang bahagi ng nagpapaikli- sa- buhay na sakit.

Ang serbisyo ay para sa lahat alin mang dako ng Victoria.

Ito ay para sa mga taong nabubuhay ng may sakit na nagpapaikli-sa-buhay at sa mga taong sumusuporta sa kanila. Ito ay para sa pamilya, mga kaibigan o kapitbahay. Ito'y para din sa mga doktor, nars at iba pang mga nagtatrabaho at tagapagdulot sa pangangalaga sa kalusugan.

Makakatulong kami sa mga tanong kagaya ng:

- Paano makakatulong ang palliative care sa taong sinusuportahan ko?
- Saan ako makakakuha ng impormasyon tungkol sa pagiging isang carer
- Saan ko hahanapin ang tamang serbisyo sa palliative care?
- Anong gagawin ko para maibsan ang aking sakit? Aking Pagduduwal? Pagkakapos ng hininga?
- Ano ang dapat kong isipin at planuhin?
- Paano ko kakausapin ang aking tagapagdulot ng pangangalaga tungkol sa palliative care?

Pagsasalinwika at Pag-iinterprete

Tawagan ang 131 450 at hilingin 1800 360 000.

Bingi, hirap sa pandinig at pagsasalita?

Pakitawagan ang National Relay Service sa 13 36 77, at hilingin ang 1800 360 000.

Makakatulong kami sa mga tagapagdulot ng pangangalaga sa mga problemang gaya ng:

- Pangangasiwa ng sintomas
- Pagrereseta ng gamot
- Pagtukoy ng tamang serbisyo sa palliative care
- Paglipat sa pag-inom ng mga gamot tungo sa pag-iniksiyon
- Patuloy na gamit ng daluyan ng iniiniksiyong gamot (syringe drivers)
- Pagpapasya at abanteng plano ng pangangalaga.

Anong hindi magagawa ng serbisyo?

Hindi kami makapagrereseta ng gamot, makapagsasangguni o palitan ang mga tagapagdulot ng kalusugang pangangalaga.